# SAMUT-SAMOT RESOURCES TERMS OF USE

When you downloaded this resource from **samutsamot.com**, it is understood that you have agreed to abide by its Terms of Use. Below is a summary of what you may and may not do with this resource. For the complete terms, look for the **Terms of Use** page in the **samutsamot.com** website.

**COMMERCIAL USE AND MASS DISTRIBUTION OF THIS RESOURCE IS PROHIBITED.**

## YOU MAY

- You may print, photocopy, and distribute the resource to your students, tutees, or children at home or in the classroom during in-person classes.
- You may show and distribute the resource to your online students as long as they know that it is for their own personal and non-commercial use.
- You may use the resource as part of your academic research work after obtaining the permission of the owner of **samutsamot.com**.

## YOU MAY NOT

- You may not upload the resource or any part of it anywhere on the internet (except for online teaching).
- You may not edit the resource by adding or removing any type of marking.
- You may not extract or copy images from the resource.
- You may not claim the resource as your own.
- You may not sell the digital copy, print outs, or photocopies of the resource.
- You may not make the resource a part of digital or physical products that are to be sold.

Questions regarding the allowable use of the **samutsamot.com** resources should be emailed to **samutsamot.mom@gmail.com**.

# ANG SIKMURA AT MGA BAHAGI NG KATAWAN

Batay sa pabula ni Aesop na
"The Belly and the Members"


## TERMS OF USE

By downloading this PDF file, you agree to the following:


- This PDF file is for personal and classroom use ONLY.
- You may print this PDF file and distribute the printouts to your children or students, but you MAY NOT distribute the printouts to other parents or teachers.
- You MAY NOT share digital copies of this PDF file with anyone. Just refer them to samutsamot.com.
- You MAY NOT print and distribute this PDF file for profit or use it for any commercial purpose.
- You MAY NOT upload this PDF file or any part of it in any other website such as (but not limited to) *Scribd* or *SlideShare*, or cloud storage sites such as (but not limited to) *Google Drive* or *Dropbox*.

If you have any questions regarding the use of this PDF file, you may e-mail me at samutsamot.mom@gmail.com


©2017 samutsamot.com

## ANG SIKMURA AT MGA BAHAGI NG KATAWAN

Isang araw, ang iba't ibang bahagi ng katawan ni Lito ay nagtatalo kung alin sa kanila ang pinakamahalaga. Ang mga kamay, mga binti, bibig, at utak ay nagbigay ng kanilang katwiran kung bakit sila ang bahagi na may pinakamalaking iniaambag sa buhay ni Lito.




"Kami ang pinakamahalagang bahagi ng katawan ni Lito. Kami ang ginagamit niya upang magtrabaho at gawin ang kanyang mga tungkulin sa kanyang pamilya," sabay sabi ng dalawang kamay.



Ang dalawang makisig na binti ni Lito ay nagpahayag, "Nagkakamali kayo. Paano makapupunta si Lito sa kanyang trabaho kung wala siyang mga binti? Paano siya makauuwi sa kanyang pamilya kung wala kami? Kami ang pangunahing dahilan kung bakit nagagawa ni Lito ang kanyang mga tungkulin."

Ang bibig naman ang nagsalita, "Iisa lang ako ngunit ako ang bahagi na mas ginagamit ni Lito sa kanyang trabaho at tahanan. Kailangan niya ako sa pakikipag-ugnayan sa mga tao. Paano niya ipahihiwatig ang kanyang pagmamahal sa kanyang asawa at anak kung wala siyang bibig?"





"Ay, naku! Lahat kayo ay nagkakamali," banggit ng utak. "Nakalimutan na ba ninyo na ako ang nagsasabi sa inyo kung ano ang gagawin? Sa akin nagmumula ang lahat ng utos at desisyon na sinusundan ng buong katawan. Kung wala ako, hindi kayo makagagalaw. Ako ang nag-uutos kung saan pupunta, kung ano ang gagawin, at kung anong mga salita ang sasabihin. Walang duda na ako ang pinakamahalagang bahagi ng katawan ni Lito!"

Sa ganitong paraan nakipagtalunan ang mga bahagi ng katawan. Ipinagmamalaki ng bawat bahagi ang kanyang tungkulin sa buhay ni Lito. Sa gitna ng kaguluhan, nahalata ng utak na tahimik lamang ang sikmura.

©2017 samutsamot.com

“Sandali lang, mga kaibigan,” pakiusap ng utak. “Hindi ba ninyo nahalata na ang sikmura lamang ang nakatatanggap ng pagkain habang tayo ay naghihirap? Tayo ang ginagamit ni Lito buong araw, subalit ang sikmura lang ang nakikinabang. Siya lamang ang binibigyan ng pagkain bilang gantimpala.”

Sa halip na ipagpatuloy ang kanilang pagtatalo, pinagpasiyahan ng mga kamay, binti, bibig, at utak na hindi magtrabaho hangga’t hindi makiambag ang sikmura sa trabaho.

Hindi nagbigay ng utos ang utak sa mga binti at kamay. Ang mga binti ay hindi naglakad papunta sa hapag kainan o kusina. Ang mga kamay ay hindi nagsubo ng pagkain o inumin sa bibig. Ang bibig ay walang pagkain na ninguya o nilunok.

Pagkalipas ng isang araw, ang mga bahagi na nagprotesta laban sa sikmura ay nakaramdam ng paghihina. Hindi na sila aktibo at nawalan sila ng sigla. Halos hindi makagalaw ang dalawang kamay. Hindi na kayang itindig ng mga binti ang buong katawan. Ang bibig ay naging tuyo at tahimik. Pati ang utak ay nakaranas ng paghihina.



Sa wakas, nagsalita ang sikmura. “Totoo na ako ang tanging bahagi na nakatatanggap ng pagkain, ngunit mahalaga ang aking tungkulin. Tinutunaw ko ang mga pagkain upang magamit ang lahat ng enerhiya at mga sustansiya na taglay nito. Ang enerhiya at sustansiya ay nakaaabot sa lahat ng bahagi ng katawan. Dahil dito, nagagawa ninyo ang inyong mga trabaho,” sabi ng sikmura.

Paliwanag pa ng sikmura, “Kung hindi tayo magtutulungan upang makakuha ng sapat na pagkain at tubig para sa katawan ni Lito, mapipinsala tayong lahat. Tayo ay magkakasakit at maaaring malagay sa panganib ang buhay ni Lito.”

Naunawaan ng mga bahagi na sa tahimik na paraan ang sikmura ay may ginagampanan na mahalagang tungkulin. Natanto nila na ang mga bahagi ng katawan ay kailangan magkaisa at magtrabaho para sa kapakanan at kalusugan ng lahat.

©2017 samutsamot.com